

# RELIEF SUPPLIES, IPINAMAHAGI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAPAN SA 9 NA BARANGAY

BILANG PAGTUGON sa kasalukuyang problema na kinahaharap ng lungsod sa kasalukuyang oil spill, minabuti ni City Mayor Mariou Flores-Morillo sa pangunguna ng Pamahalaang Lungsod, sa pamamagitan ng City Social Welfare and Development Department na pinamumunuan ni CSWD Officer Ms. Juvy L. Bahia,

R S W  
n a

ipamahagi ang relief supplies na mula sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) para sa mga mamamayan ng Calapan na ang ikinabubuhay ay ang pangingsda, isinagawa noong ika-14 ng Abril.

Nakatanggap ng suportang ayuda mula sa Nasyunal ang nasa kabuoang 1,211 na benepisyaryo na mula sa 9 na Barangay sa Calapan: Balite-130, Baruyan-431, Canubing, I 221, mahal na Pan-

galan-104, Masipit-14, Pachoca-53, Tawagan-136, Tibag-35, at Wawa-87.

Ang nasabing relief supplies na kanilang natanggap ay naglalaman ng assorted foods, kung saan ay nakapaloob dito ang 5 kilong bigas, 5 corned tuna, 5 canned sardines, 5 pcs. na coffee, at 5 pcs. na Energen Champion.

Kaugnay nito, naging bahagi rin ng aktibidad na ito s i n a

Chief of Staff, Mr. Joseph Umali, at CDRMM Officer Mr. Dennis T. Escosora, kung saan ay kaagapay rin dito ang mga opisyales, at maging ang mga Punong Barangay.

Samantala, lubos namang nagpapasalamat ang mga apektadong Fisherfolk na nakatanggap ng relief supplies, dahil para sa

kanila, malaking tulong ito para sa pangangailangan ng kanilang pamilya.

Gayundin, patuloy na umaaksyon at sinisikap ng Pamahalaang Lungsod sa pamumuno ng butihing Ina na si Mayor Morillo na matulungan at masuportahan ang mga mamamayan sa Lungsod ng Calapan (Cedric Errol A. De Guzman / CIO).



**THE TAMARAO JOURNAL**

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE  
 PUBLISHER  
 RUEL T. LANDICHO  
 PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA  
 EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO  
 OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO  
 ANTON VIKTOR LANDICHO  
 STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO  
 LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM  
 LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361  
 EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com  
 WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



SINAG PUBLISHING AND PRINTING

**SINAG PRINTING PRESS**

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna  
 Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079  
 Email add: tambull\_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!  
 Books, yearbooks, marketing collaterals  
[www.sinagprintingpress.com](http://www.sinagprintingpress.com)  
[sinagprinting@gmail.com](mailto:sinagprinting@gmail.com) / 09175668361



TINGNAN: Nanumpa sa harap ni Governor Humerto "Bonz" A. Dolor ang 15 bagong appointed na nurses sa OMPH noong Abril 12. Ayon Kay PHRM Officer Anna Marie DC. Reyes, malaking karagdagan ito sa mga medical personnel na nagseserbisyo sa ating pampublikong ospital. Binanggit ni Gob. Bonz na kasabay ng pagsasaayos ng mga pasilidad sa

mga pampublikong ospital ay ang pagsasaayos din ng organizational structure. "You deserve your appointment because your performance is good. Treat everyday as if it's your first day. Do well dahil ang sine-sweldo natin ay pera ng tumbayan kaya sa kanila tayo may utang na loob", paalala sa mga ito ng Gobernador. Isinabay na rin sa okasyon ang panunumpa sa

katungkulan ng limang empleyado mula sa iba pang tanggapan sa Kapitolyo. Dalawa mula sa PEO, samantalang tig-isa naman mula sa PSWDO, PGSO at PA's Office. Sumaksi sa gawain sina Provincial Health Officer Dr. Cielo Ante, OMPH OIC Chief of Hospital Dr. Dante Nuestro at PSWD Officer Zarah Magboo. (PIO Calapan)



# DISTRIBUTION OF FINANCIAL ASSISTANCE FOR PWD'S

SINIMULAN na ng Pamahalaang Lungsod ang pamamahagi ng ayuda para sa mga may kapansanan sa Lungsod ng Calapan sa ilalim ng 'City of Calapan Person's with Disability Financial Assistance Ordinance of 2021' na akda ni City Councilor Hon. Marian Tagupa. Sa Covered Court ng Barangay Sta. Isabel, Abril 13, 2022 ay nagtipon ang mga miyembro ng PWD's mula sa apat na barangay sa lungsod na kinabibilangan ng Sta. Isabel, Tawagan, Canubing I at Malad upang tanggapin ang kanilang benepisyo. Ang pamamahagi ng naturang financial assistance ay pinangasiwaan ng mga kawani mula City Social Welfare and Development Department na pinamumunuan ni Ms. Juvy Bahia at ng City Treasury Department na pinamumunuan naman ni Mr. Nick Catapang. Ang bawat isang PWD ay nakatanggap ng isang libong piso na karagdagan sa pambili ng kanil-

ang pangangailangan. Sa kabuuan ay may 149 ang inisyal na benepisaryo ang nakatanggap ng kanilang financial assistance mula sa City Government of Calapan: Sta. Isabel - 50, Canubing I 56, Tawagan - 30 at Malad - 13. Sa gawain ay nakita ang presensya ng mga Presidente ng PWD's ng apat na barangay sa pangunguna ni Mr. Ronald Bulan na siyang Pangulo ng PWD's Calapan City Federation at ng Asosasyon ng mga Taong may Kapansanan sa Ori-

ental Mindoro (ATKOM). Para kay City Mayor or Malou Flores-Morillo, ito'y isa lamang sa mga programa ng Pamahalaang Lungsod na nagpapakita ng pagmamalasakit at pagmamahal sa kanyang mga kababayan na may kapansanan. Ang mga PWD's na Calapeño ay palaging prayoridad sa bawat programa at serbisyong ipinatutupad ng kasalukuyang administrasyon. Lubos namang ipinagpasalamat ng mga PWD ang ayu-

dang kanilang natanggap, na ayon sa kanila, bagamat ito'y maliit na halaga subalit malaking bagay para sa kanila na sila ay binibigyang-pansin ng ating gobyerno. Ipinapayo para sa mga napasama sa bali-dasyon subalit hndi napabilang sa listahan ng benepisaryo na magtungo sa tanggapan ng CSWD upang beripikahin ang kanilang aplikasyon para sa nasabing programa (Junard Acapulco/CIO).




# SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY BULISAN AT BONDOC, IPINAGKALOOB NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAPAN



NAKIISA sina City Mayor Marilou Flores-Morillo at Vice Mayor Rommel Rodolfo "Bim" A. Ignacio sa pagbabasbas ng bagong "Solar Powered Irrigation System" para sa mga magsasaka, na ginanap sa Sitio Bagong Silang, Barangay Baruyan, Calapan City noong ika-3 ng Abril 2023. Ang pagbabasbas sa proyektong ito ay pinangunahan ni Rev. Simplicio A. Bonquin, kung saan ay dumalo rin dito sina Oriental Mindoro, 1st District, Congressman Arnan C. Panaligan, City Agriculturist Ms. Lorelein V. Sevilla, at Barangay Chairperson Hon. Henry L. Dris, kasama ang mga miyembro ng kasapi ng Baruyan Farmers Association. Naisakatuparan ang proyektong ito na mula sa nasyonal na pamamagitan ng Department of Agriculture-MIMAROPA, katuwang ang City Agricultural Services Department, at iba pang mga samahan, kung saan ay nasa humigit kumulang na (P6,000,000) anim na milyong piso ang inilaang pondo para rito. Naging bahagi rin ng aktibidad na ito sina Engr. Maria Christine C. Inting (Regional Executive Director - D.A. MIMAROPA), Ms. Marites M. Panopio (President- Baruyan Farmers Association), at Mr. Elinio Sandoval. Ayon sa butihing Ina ng Lungsod, ang SPIS na ito ay tunay na malaki ang kaginhawaan na maiddulot sa mga magsasaka, dahil wala silang babayaranang kuryente, at wala rin silang babayaranang krudo. Sa ilalim ng kanyang administrasyon, nariyan ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan, gayundin ang City Agricultural Services Department, para umagapay at kumandili sa mga mamamayan, maging sa mga masisigag na magsasaka ng Lungsod. (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

## 8TH KALAP PHOTOMARATHON AWARDING CEREMONY



MATAPOS MAILUN-SAD ang 8th Kalap Photomarathon noong buwan ng Marso, kasabay ng 25th Kalap Festival, ay nakilala na ang mga natatanging Calapeño na nagwagi sa larangan ng photography noong ika-14 ng Abril sa Nuciti Central Mall Calapan.

Dalawa ang naging kategorya ng patimpalak kung saan ang mga kalahok ay mayroong mga outputs: Kalap Festival at Women's Month.

Tinanghal na First Place si Arden Pimentel at ang kaniyang obra na pinamagatan niyang *"Trail of Grace"*.

Nasa pangalwang

puwesto naman si Terrence Jhansen Marasigan at pangatlong puwesto si Nickolo Masongsong.

Samantala, pagdating sa kategoryang Buwan ng mga Kababaihan, nakuha ni Dean Earl Bartolabac at ng kaniyang larawan na pinamagatang *"Duty"* ang unang puwesto.

Pumangalawa naman si Wilbert Jay Delgado at nasa ikatlong puwesto si Dax Airon Sajul.

Pinangunahan ng City Government of Calapan sa pamamagitan ng Calapan City Tourism, Culture and Arts Office na pinamamahalaan ni Mr. Christian Gaud ang nasabing patimpalak.

Layunin ng gawain na ipakita ang talento ng mga Calapeño pagdating sa larangan ng pagkuha ng mga litrato; gayundin, sa pamamagitan nito ay maibida ang ganda ng turismo at ang makulay na Kalap Festival 2023 (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

